


# Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikatlong Markahan – Modyul 38:  
Iwasan: Paglabag sa Paggalang**



ALTERNATIVE DELIVERY MODE  
**ADM**

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 38: Iwasan: Paglabag sa Paggalang  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	May Marie O. Eviota
<b>Editor:</b>	Mark Lorenz C. Luib, Michael C. Paso
<b>Tagasuri:</b>	Elizabeth M. Ysulan, Linda T. Geraldino, Junny D. Ramirez, Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo at John Rey C. Clarion
<b>Tagaguhit:</b>	Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat
<b>Tagalapat:</b>	Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib, Blessy T. Soroyoroy
<b>Tagapamahala:</b>	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol Jr. Maripaz F. Magno Josephine Chonie M. Obseñares Lope C. Papeleras Michael C. Paso Juan Jr. L. Espina

**Inilimbag sa:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center  
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600  
Telefax No.: (085) 342-5969  
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 38:  
Iwasan: Paglabag sa Paggalang**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***


Ang pagtanggap ng paggalang mula sa iba ay napakalaking bagay kung saan nakatutulong upang maipakita ang tiwala sa sarili. Ang paggalang ay may malaking epekto sa sarili at kapwa na nagtuturo sa bawat isa kung paano maging magalang sa iba.

“Ang paggalang sa magulang ay tunay na karangalan.” Ang kasabihang ito ay nagpapatid na ang taong marangal ay marunong gumalang sa magulang. Ang paggalang din ay mahalagang naisasabuhay din sa ibang tao gaya ng mga nakatatanda at awtoridad.

Paano mo naisasabuhay ang paggalang? Ano ang maaaring kahihinatnan kung wala kang paggalang sa iyong magulang, sa nakatatanda at sa may awtoridad?

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

- a. Nasusuri ang mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. (EsP8PB-IIIc-10.2)



## **Subukin**

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Bakit mahalaga ang paggalang sa magulang at nakatatanda? Dahil:
  - A. matanda na sila
  - B. inaalagaan nila tayo
  - C. ito ay nagpapaligaya sa ibang tao
  - D. ito ay pagpapakita ng kabutihang asal at pagpapahalaga
  
2. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda?
  - A. pagiging sensitibo sa mga salitang gagamitin kapag kinakausap ang nakatatanda
  - B. pagsangguni sa mga nakatatanda kapag gagawa ng pagpapasiya
  - C. pagmamano at paggamit ng magagalang na sila sa lahat ng pagkakataon
  - D. pagbibigay ng opinyon kahit hindi kasangkot sa usapin ng mga nakatatanda
  
3. Alin sa sumusunod ang tanda ng kawalan sa paggalang sa awtoridad?
  - A. hindi pagsunod sa batas trapiko dahil wala namang nakakakita
  - B. hindi paglabas ng bahay upang makaiwas sa sakit
  - C. pagpuna sa mga maling ginagawa ng awtoridad sa pamamagitan ng pagsulat ng liham
  - D. pagbibigay ng suhestiyon para sa mga proyektong pampamayanan
  
4. Ano ang palatandaan na nalabag mo ang paggalang? Kapag:
  - A. hindi nabigyang halaga ang isang tao
  - B. hindi nakibahagi sa mga gawaing pambarangay
  - C. hindi kinikilala ang mga taong naging bahagi ng buhay
  - D. hindi pakikipag-usap sa mga taong nakahahalubilo
  
5. Ano ang ipinapahiwatig sa pahayag na “Ang paggalang sa kapwa ay paggalang sa Dakilang Lumikha?”
  - A. Igalang ang mga dakila.
  - B. Marapat na igalang ang kapwa sapagkat sila ay dakila.
  - C. Kailangan pairalin ang paggalang sa sanlibutan.
  - D. Maipakikita ang paggalang sa Dakilang Lumikha kapag ginagalang ang mga taong kanyang nilikha.

6. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng kawalan ng paggalang sa magulang?
  - A. pagkakaroon ng mababang marka sa pagsusulit
  - B. pagsangguni sa kanila bago gumawa ng pasiya.
  - C. pag-alis sa bahay nang hindi pinagbibigay-alam sa kanila
  - D. paggawa ng gawaing bahay kahit hindi nila sinasabi
  
7. Nadatnan ng tanod si Pedro sa tapat ng itinapon na basura sa gilid ng kalsada, napagbintangan siyang nagtapon nito kaya uminit ang kanyang ulo. Paano maipakikita ni Pedro ang kanyang paggalang sa may awtoridad?
  - A. manahimik na lamang kahit walang kasalanan
  - B. magtaas ng boses at ipaglaban ang karapatan dahil siya ay nasa katuwiran
  - C. magpaliwanag nang mahinahon ngunit ipahiya sa kabarangay ang tanod na nambintang sa kanya
  - D. magpaliwanag nang mahinahon at humiling na tanungin ang mga nakakita o panoorin nalang ang CCTV ng barangay
  
8. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng kawalan ng paggalang sa awtoridad?
  - A. pagbibigay ng puna sa mga maling gawi ng mga lider ng pamayanan
  - B. hindi paglabas ng bahay upang makaiwas sa sakit
  - C. paglabas ng bahay ng walang *face mask* at *face shield* kahit may bakuna na
  - D. pagbibigay ng donasyon sa mga nangangailangan at hindi naaabot ng tulong ng pamahalaan
  
9. Bakit sinasabing “Ang anak na may paggalang sa magulang ay hindi pasimuno ng gulo sa lipunan?”
  - A. ang batang magalang ay maraming kaibigan.
  - B. ang bata ay natatakot na mapagalitan ng kanilang magulang.
  - C. ang batang magalang ay likas na magalang sa lahat ng nilalang.
  - D. ang batang menor de edad ay hindi natatakot managot sa batas.
  
10. Ano ang kahalagahan ng pagsunod sa payo ng magulang bilang tanda ng paggalang?
  - A. mahalaga ito upang masiyahan sila
  - B. mahalaga ito upang masiyahan ang iba
  - C. mahalaga ito upang makaiwas sa kapahamakan
  - D. mahalaga ito upang hindi mapahiya sa mga tao sa lipunan
  
11. Bakit mahalaga ang paggalang sa awtoridad at pagsunod sa batas ng pamahalaan?
  - A. dahil ang mga awtoridad ang naihalal noong eleksyon
  - B. dahil sila ang may kapangyarihan sa pamayanan
  - C. dahil maaari kang makulong kung hindi ka susunod
  - D. dahil gampanin nila na panatilihin ang kaayusan at kapayapaan

12. Si Dave ay nagpumilit na pumunta sa *internet café* dahil sa kanilang proyekto nakailangang maipasa ngunit hindi siya pinayagan ng kanyang ama dahil gabi na. Tumakas siya ng bahay at hindi pinakinggan ang ama, Sa halip na pumunta sa *internet café* ay nakipagkita ito sa kanyang nobya. Ang ginawa ni Dave ay isang paglabag sa:
- A. pagsunod sa batas ng tahanan
  - B. pagsunod sa payo ng magulang
  - C. pagsasabi ng totoo sa awtoridad
  - D. pagsunod sa sariling kagustuhan
13. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paglabag sa paggalang sa nakatatanda?
- A. nakikipag-usap nang pabalang
  - B. sumusuway sa oras ng *curfew* sa barangay
  - C. pinababayaan ang hiniram na kagamitan ng kapitbahay
  - D. nangunguha ng kwaderno ng kaklase nang walang paalam
14. Ang paggalang sa awtoridad ay makikita sa mga sumusunod na kilos maliban sa:
- A. paghingi ng pabor nang may kapalit na materyal na bagay upang makalabas sa oras ng *curfew*
  - B. pagsunod sa mga alituntunin upang makaiwas sa COVID-19
  - C. pakikipag-usap sa kanila kung may napansing katiwalian
  - D. pagtulong sa awtoridad na ipagbigay-alam sa mga kapit-bahay ang mga alituntuning umiiral
15. Ang mga sumusunod ay nagpapahayag ng paggalang sa magulang, maliban sa:
- A. pag sagot ng may po at opo
  - B. pag papaalam sa tuwing aalis ng bahay
  - C. pag sunod sa curfew hours ng barangay
  - D. pag sunod sa utos ng iyong Tatay at Nanay



## Aralin

# 1

## Iwasan: Paglabag sa Paggalang

"Ang paggalang sa ating sarili ay gumagabay sa ating moral. Ang paggalang sa iba ay gumagabay sa ating mga kaugalian."

-*Laurence Sterne*


Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto sa nakaraang modyul. Alam kong kayangkaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.



### **Balikan**

#### **Gawain 1: Kamay ng Paggalang!**

Panuto: Magbigay ng limang halimbawa ng mga kilos na tanda ng paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad ayon sa iyong sariling opinyon at karanasan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



1. \_\_\_\_\_

4. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

5. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_



## **Tuklasin**

### **Gawain 2: Suri-Tula!**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tula. Pagnilayan sagutin ang mga gabay na tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

#### **Magulang**

May Marie O. Eviota

Sa isang punla, ako nagmula  
Nagisnan wagas na pag-aaruga  
Nilabanan hirap sa pag-aalaga  
Aking kapakanan binigyang kalinga.

Lumaking sagana, walang inaalala  
Lumaki sa layaw, sa inyo'y naging problema  
Mga payo ninyo'y di inaalintana  
Sakripisyo'y isinawalang bahala.

Panahon ay lumipas, naligaw aking landas  
Lagim ang kinahinatnan, naging salot sa lipunan  
Nangangapa sa kawalan, magulang ko'y nasaan?  
Labis aking pagsisisi, kailangan kong makabawi.

Pabigat man sa buhay, magulang handang umalalay  
Talikuran man ng mundo, buhay nila'y handang ialay  
Sa pagsubok ng buhay, may sisibol na bukang-liwayway  
Salamat mahal na magulang, nararapat kayong igalang.

#### **Gabay na tanong:**

1. Ano ang mensahe ng tula?
2. Ano-ano ang mga hindi magandang kilos ng anak ang isinaad sa tula?
3. Ano ang sinapit ng batang sumuway sa payo ng kanyang magulang?
4. Mahalaga ba ang pakikinig at pagsunod sa aral at payo ng magulang? Bakit?
5. Sa iyong sariling karanasan, paano mo naipapakita ang iyong paggalang sa iyong magulang?



## ***Suriin***

Naranasan mo na rin bang sumuway sa iyong magulang gaya ng nasa tula? Ano ang iyong nararamdaman sa tuwing ikaw ay pinapangaralan ng iyong magulang?

Ang pagsunod sa payo at kautusan ng magulang at nakatatanda kung nasa tamang katwiran ay isa sa mga palatandaan ng paggalang. Ang paggalang sa magulang, nakatatanda at nasa awtoridad ay isang kabutihang-asal na kadalasan ay ating natututunan sa loob ng tahanan, sa paaralan at sa lipunang ginagalawan. Hindi lamang ang mga lolo at lola ang maituturing na nakatatanda kundi pati na rin ang mga tiyo, tiya at sinumang may mas mataas na edad. Ang mga pulis, *enforcer* sa trapiko, mga opisyal ng gobyerno at barangay ay mga halimbawa ng nasa awtoridad.

Ang ating magulang ay nagbibigay pangaral sa atin at payo upang mapabuti ang ating kalagayan. Kinakailangan natin itong igalang at pahalagahan bilang mga anak. Tanda ito ng kanilang pagmamalasakit at pagmamahal. Binigyang-linaw sa tulang “Magulang” sa Tuklasin na ang batang sumuway at lumaki sa layaw ay hindi malayong maligaw ng landas. Mababatid ang pagsisisi ng pangunahing tauhan sa tula ang mga ginawang paglabag sa magulang sa ikatlong saknong ng tula.

May mga awtoridad rin na inaatasang mamahala sa pagpatutupad ng mga batas upang mapangalagaan ang kapayapaan at kapakanan ng mga mamamayan. Ang pagsunod sa mga batas at alituntunin nang naaayon sa tamang katwiran at kabutihan ng lahat ay isang kilos na nagpapakita ng paggalang sa mga awtoridad. Ayon kay K’ung Fu Tze, isang pilosopo, ang kabataang marunong gumalang sa magulang ay hindi lapastangan sa kapwa, sa may awtoridad at hindi kailanman pinagmumulan ng gulo sa lipunan.

Ang mga sumusunod ay ang mga paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad.

### **Paglabag sa paggalang sa magulang:**

- Paggawa ng mga bagay na walang pahintulot ng magulang gaya ng pag-alis ng bahay na walang paalam, pagpasok sa silid nang hindi kumakatok at pagkuha ng bagay nang walang pahintulot.
- Pakikialam ng gamit nang hindi nagpapaalam.
- Hindi pagtupad sa tungkulin sa tahanan at sa napag-usapan gaya ng takdang oras sa pag-uwi ng bahay.

- Pagiging iresponsable, gaya ng hindi pag-iingat sa mga gamit na bigay o pinahiram lamang.
- Kawalan ng malasakit at pagmamahal sa magulang, gaya ng pagbigkas ng hindi magalang o bastos na pananalita.
- Hindi pagsunod sa utos ng magulang o pagdadabog kapag inuutusan.


**Paglabag sa paggalang sa nakatatanda:**

- Pagpapabaya at di pag-aalaga sa mga kamag-anak na matanda kung kinakailangan.
- Kawalan ng pagpapahalaga sa kanilang opinyon at saloobin, sa kabila ng kanilang mayamang karanasan.
- Hindi maayos na pakikitungo at pakikipag-usap sa mga taong nakatatanda.
- Hindi pagsasabi ng po at opo.
- Hindi pagmamano.
- Pagsabat sa usapan ng mga nakatatanda kahit na hindi tinatanong o kinakausap.

**Paglabag sa paggalang sa may awtoridad:**

- Paglabag sa batas na ipinapatupad ng pamahalaan.
- Pagsuway sa batas trapiko gaya di pagsunod sa ilaw trapiko at *jay-walking*.
- Pakikipagtalo nang wala sa katwiran at aroganteng pagsagot sa mga kawani ng gobyerno tulad ng guro, pulis at iba pang awtoridad na naatasan sa pagpapanatili ng kapayapaan sa lipunan.

Ang paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad ay isang mabuting pagpapahalaga na kinakailangang taglayin ng kabataang tulad mo. Sa pamamagitan nito, makabubuo ka ng maayos at malusog na ugnayan na may pagtitiwala, kabutihan at kagandahang asal.



## Pagyamanin

### Gawain 3: Sulat-Tula!

Panuto: Sumulat ng isang malayang tula na nagpapahayag ng iyong pag-iwas sa paglabag sa paggalang. Maaaring para ito sa iyong magulang, sa mga nakatatanda o sa awtoridad na binubuo ng dalawang (2) saknong na may tig-apat (4) na taludtod. Lagyan ito ng pamagat at isulat ang sagot sa sagutang papel.

---



---



---



---



---



---



---



---

Pamantayan	Napakahusay (10 puntos)	Mahusay (7 puntos)	Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos)
<b>Nilalaman</b>	Nailahad ang mga tamang gawain sa pag-iwas sa pagsuway sa paggalang ng Magulang, Nakatatanda at may Awtoridad	Hindi gaanong nailahad ang mga tamang gawain sa pag-iwas sa pagsuway sa paggalang ng Magulang, Nakatatanda at may Awtoridad	Hindi nailalahad ang mga tamang gawain sa pag-iwas sa pagsuway sa paggalang ng Magulang, Nakatatanda at may Awtoridad
<b>Linaw ng mensahe at kaisipan</b>	Napakalinaw ng mensahe at kaisipan nais ipabatid	Malinaw ang mensahe at kaisipan nais ipabatid	Hindi malinaw ang mensahe at kaisipan nais ipabatid
Kabuuang Puntos 20			

#### Gawain 4: Tukuyin natin!

Panuto: Tukuyin ang mga pahayag batay sa paglabag sa paggalang. Isulat ang tsek (✓) kung ito ay kawalan ng paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad at ipaliwanag kung bakit ito naging paglabag. Ekis (X) naman ang isulat kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Pagmamaneho ng sasakyan nang walang lisensya.
2. Pagpapakalat sa *social media* ng mapanirang opinyon ukol sa isang barangay kagawad.
3. Pagtulong sa matanda na tumawid sa kalsada.
4. Pag-upo sa pampasaherong sasakyan habang may nakatayong matanda dahil walang maupuan.
5. Hindi pagpasa ng proyekto sa isang asignatura.


#### Gawain 5: Suri-Larawan!

Panuto: Basahin ang komik strip at sagutin ang *graphic organizer* na nasa ibaba.



**Graphic Organizer:**

Panuto: Unawaing mabuti ang *graphic organizer* batay sa komik strip sa itaas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



**Rubrik sa Pagmamarka ng Sagot**

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (8 puntos)</b>	<b>Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)</b>
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan	Napakalinaw ang pagkalalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa paglabag sa paggalang	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa paglabag sa paggalang	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa paglabag sa paggalang
Malinaw na naiintindihan ang positibo at negatibong dulot sa paglabag sa paggalang	Napakalinaw ang pahayag hinggil sa positibo at negatibong dulot paglabag sa paggalang	Malinaw ang pahayag hinggil sa positibo at negatibong dulot paglabag sa paggalang	Hindi malinaw ang pahayag hinggil sa positibo at negatibong dulot paglabag sa paggalang
Kabuuang Puntos (20)			



## Isaisip

### Gawain 6: Suri-Pahayag!

Panuto: Suriin ang mga pahayag at kompletuhin ang hinihinging kasagutan sa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Ayon kay K'ung Fu Tze, "Iilan lamang sa mga masunuring anak at magalang na kapatid ang magpapamalas ng kawalang-pitagan sa nakakataas, at kailanman walang taong di lapastangan ang lumikha ng gulo... nasa paggalang sa mga magulang at pagpipitagan ng mga kapatid ang ugat ng pagmamahalan."

Kompletuhin ang pangungusap.

Sapagkat ako ay taong may paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad, isasaisip ko na \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

#### Rubrik sa Pagmamarka

<b>Pamantayan</b>	<b>Napakahusay (10 puntos)</b>	<b>Mahusay (8 puntos)</b>	<b>Nangangailangan ng Pag-unlad (5 puntos)</b>
Malinaw na naipahayag ang mensahe at kaisipan	Napakalinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad	Hindi malinaw ang pagkalahad ng mensahe at kaisipan hinggil sa mga umiiral na paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad
Organisasyon ng Ideya	Napakaayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata	Maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata	Hindi maayos ang pagkakasunod-sunod ng ideya sa talata
Kabuuean			





## Isagawa

### Gawain 7: Sulat-Paalala!

Panuto: Sumulat o gumawa ng isang *flyer* o *leaflet* na naglalahad ng adbokasiyang magpapalaganap ng kahalagahan ng paggalang sa magulang, nakatatanda at awtoridad. Tukuyin din ang mga paglabag na dapat iwasan. Gawin ito sa *short size* na *bond paper*. Maging malikhain sa paggawa ng *flyer* or *leaflet*.

#### Batayan sa Pagmamarka

Krayterya	Higit na inaasahan 10 puntos	Nakamit ang inaasahan 8 puntos	Bahagyang nakamit ang inaasahan 5 puntos	Hindi nakamit ang inaasahan 2 puntos
<b>Nilalaman</b>	Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	Kumpleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon	May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon	Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto.
<b>Organisasyon ng mga kaisipan</b>	Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.	Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto.
Kabuuang Puntos = 20				



## Tayahin

Panuto: Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng kawalan ng paggalang sa magulang?
  - A. pagkakaroon ng mababang marka sa pagsusulit
  - B. pagsangguni sa kanila bago gumawa ng pasiya.
  - C. pag-alis sa bahay nang hindi pinagbibigay-alam sa kanila
  - D. paggawa ng gawaing bahay kahit hindi nila sinasabi
2. Nadatnan ng tanod si Pedro sa tapat ng itinapon na basura sa gilid ng kalsada, napagbintangan siyang nagtapon nito kaya uminit ang kanyang ulo. Paano maipakikita ni Pedro ang kanyang paggalang sa may awtoridad?
  - A. manahimik na lamang kahit walang kasalanan
  - B. magtaas ng boses at ipaglaban ang karapatan dahil siya ay nasa katuwiran
  - C. magpaliwanag nang mahinahon ngunit ipahiya sa kabarangay ang tanod na nambintang sa kanya
  - D. magpaliwanag nang mahinahon at humiling na tanungin ang mga nakakita o panoorin nalang ang CCTV ng barangay
3. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng kawalan ng paggalang sa awtoridad?
  - A. pagbibigay ng puna sa mga maling gawi ng mga lider ng pamayanan
  - B. hindi paglabas ng bahay upang makaiwas sa sakit
  - C. paglabas ng bahay ng walang *face mask* at *face shield* kahit may bakuna na
  - D. pagbibigay ng donasyon sa mga nangangailangan at hindi naaabot ng tulong ng pamahalaan
4. Bakit sinasabing “Ang anak na may paggalang sa magulang ay hindi pasimuno ng gulo sa lipunan?”
  - A. ang batang magalang ay maraming kaibigan.
  - B. ang bata ay natatakot na mapagalitan ng kanilang magulang.
  - C. ang batang magalang ay likas na magalang sa lahat ng nilalang.
  - D. ang batang menor de edad ay hindi natatakot managot sa batas.
5. Ano ang kahalagahan ng pag-iwas sa paglabag sa paggalang ng magulang, gaya ng pagsunod sa mga payo nito?
  - A. mahalaga ito upang masiyahan sila
  - B. mahalaga ito upang masiyahan ang iba
  - C. mahalaga ito upang makaiwas sa kapahamakan
  - D. mahalaga ito upang hindi mapahiya sa mga tao sa lipunan

6. Bakit mahalaga ang paggalang sa may awtoridad at pagsunod sa batas ng pamahalaan?
  - A. dahil ang mga awtoridad ang naihalal noong eleksyon
  - B. dahil sila ang may kapangyarihan sa pamayanan
  - C. dahil maaari kang makulong kung hindi ka susunod
  - D. dahil gampanin nila na panatilihin ang kaayusan at kapayapaan
  
7. Si Dave ay nagpumilit na pumunta sa *internet café* dahil sa kanilang proyekto nakailangang maipasa ngunit hindi siya pinayagan ng kanyang ama dahil gabi na. Tumakas siya ng bahay at hindi pinakinggan ang ama, Sa halip na pumunta sa *internet café* ay nakipagkita ito sa kanyang nobya. Ang ginawa ni Dave ay isang paglabag sa:
  - A. pagsunod sa batas ng tahanan
  - B. pagsunod sa payo ng magulang
  - C. pagsasabi ng totoo sa awtoridad
  - D. pagsunod sa sariling kagustuhan
  
8. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng paglabag sa paggalang sa nakatatanda?
  - A. nakikipag-usap nang walang Po at Opo
  - B. sumusuway sa oras ng curfew sa barangay
  - C. pinababayaan ang hiniram na kagamitan ng kapitbahay
  - D. nangunguha ng kwaderno ng kaklase nang walang paalam
  
9. Ang paggalang sa awtoridad ay makikita sa mga sumusunod na kilos maliban sa:
  - A. paghingi ng pabor nang may kapalit na materyal na bagay upang makalabas sa oras ng *curfew*
  - B. pagsunod sa mga alituntunin upang makaiwas sa COVID-19
  - C. pakikipag-usap sa kanila kung may napansing katiwalian
  - D. pagtulong sa awtoridad na ipagbigay-alam sa mga kapit-bahay ang mga alituntuning umiiral
  
10. Kung ikaw ay napag-utusan ng ina na ligpitin ang mga gamit sa sariling silid dahil masyado ng makalat, ngunit padabog mo itong sinunod dahil naputol ang paglalaro mo ng *mobile legend*, Ikaw ay nagpapamalas ng paglabag sa:
  - A. paglilinis na bukal sa kalooban
  - B. pagrespeto sa nakatatanda
  - C. paggalang sa utos magulang
  - D. paggalang sa nasa awtoridad
  
11. Bakit mahalaga ang paggalang sa magulang at nakatatanda? Dahil:
  - A. matanda na sila
  - B. inaalagaan nila tayo
  - C. ito ay nagpapaligaya sa ibang tao
  - D. ito ay pagpapakita ng kabutihang asal at pagpapahalaga


12. Alin sa mga sumusunod ang HINDI nagpapakita ng paggalang sa nakatatanda?
- A. pagiging sensitibo sa mga salitang gagamitin kapag kinakausap ang nakatatanda
  - B. pagsangguni sa mga nakatatanda kapag gagawa ng pagpapasiya
  - C. pagmamano at paggamit ng magagalang na sila sa lahat ng pagkakataon
  - D. pagbibigay ng opinyon kahit hindi kasangkot sa usapin ng mga nakatatanda
13. Alin sa sumusunod ang tanda ng kawalan sa paggalang sa awtoridad?
- A. hindi pagsunod sa batas trapiko dahil wala namang nakakakita
  - B. hindi paglabas ng bahay upang makaiwas sa sakit
  - C. pagpuna sa mga maling ginagawa ng awtoridad sa pamamagitan ng pagsulat ng liham
  - D. pagbibigay ng suhestiyon para sa mga proyektong pampamayanan
14. Ano ang palatandaan na nalabag mo ang paggalang? Kapag:
- A. hindi nabigyang halaga ang isang tao
  - B. hindi nakibahagi sa mga gawaing pambarangay
  - C. hindi kinikilala ang mga taong naging bahagi ng buhay
  - D. hindi pakikipag-usap sa mga taong nakahahalubilo
15. Ano ang ipinapahiwatig sa pahayag na “Ang paggalang sa kapwa ay paggalang sa Dakilang Lumikha?”
- A. Igalang ang mga dakila.
  - B. Marapat na igalang ang kapwa sapagkat sila ay dakila.
  - C. Kailangan pairalin ang paggalang sa sanlibutan.
  - D. Maipakikita ang paggalang sa Dakilang Lumikha kapag ginagalang ang mga taong kanyang nilikha.



## ***Karagdagang Gawain***

### **Gawain 8: SA ISIP, PUSO AT GAWA!**

Panuto: Isulat sa bilog ang mahalagang natutunan sa araling ito, sa puso naman isulat ang kahalagahan ng iyong magulang sa iyong buhay at sa kamay isulat ang mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang sa magulang, nakatatanda at may awtoridad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



### Rubrik sa Pagmamarka

Krayterya	Higit na inaasahan 10 puntos	Nakamit na inaasahan 8 puntos	Bahagyang nakamit na inaasahan 5 puntos	Hindi nakamit na inaasahan 2 puntos
<b>Bilog:</b> Mga Naiintindihan sa aralin	Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad sa mga naintindihan sa aralin	Kompleto at maayos ang pagkakalahad sa mga naintindihan sa aralin	May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad sa mga naintindihan sa aralin	Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad sa mga naintindihan sa aralin
<b>Puso:</b> Kahalagahan ng magulang sa buhay	Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad sa kahalagahan ng magulang sa buhay	Kompleto at maayos ang pagkakalahad sa kahalagahan ng magulang sa buhay	May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad sa kahalagahan ng magulang sa buhay	Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad sa kahalagahan ng magulang sa buhay
<b>Kamay:</b> Mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang	Komprehensibo at malinaw ang pagkakalahad sa mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang	Kompleto at maayos ang pagkakalahad sa mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang	May ilang kakulangan at di gaanong maayos ang pagkakalahad sa mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang	Maraming kakulangan at walang kaayusan ang pagkakalahad sa mga bagay na dapat gawin upang maiwasan ang paglabag sa paggalang
Kabuoang Puntos = 30				



## Susi sa Pagwawasto

**Balikán**  
Gawain 1

- Maging sensitibo sa pamanalita.
- Pagrespeto sa kanilang desisyon.
- Maging mapagkumbaba.
- Pagpapakita ng kapitagan
- Pakikipag-usap nang maayos.
- Pagiging mabuting ehemplo sa kapwa at komunidad
- Pagkakaroon ng kaalaman sa batas

**Subukin**

1. D
2. D
3. A
4. A
5. D
6. C
7. D
8. C
9. C
10. C
11. D
12. B
13. A
14. A
15. C

**Tayahin**

1. C
2. D
3. C
4. C
5. C
6. D
7. B
8. A
9. A
10. C
11. D
12. D
13. A
14. A
15. D

**Pagymanin**  
Gawain 4

1. ✓
2. ✓
3. X
4. ✓
5. X

## ***Sanggunian***

Bognot, et al. (2014). *Edukasyon sa Pagpapakatao 8*. FEP Printing Corporation.

Punsalan, et al. (2014). *Pagpapakatao 8*. Rex Bookstore.

Anjeli45. (2018, July 1). *brainly.ph*. Retrieved from  
<https://brainly.ph/question/1203477>



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)